THE FEURian

# KARANASAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA MGA MAG-AARAL SA KULTURANG LUMALAGO ANG INTERES SA WIKANG INGLES: ISANG PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL

**Marjorie J. Castro,**
**Vidal S. Mendoza Jr.**

Graduate School, FEU Roosevelt, Cainta, Rizal, Philippines

Corresponding author's email: mjcastro8996@gmail.com

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin at ilarawan ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas ng sekundarya sa kontekstong lumalago ang interes ng mga mag-aaral sa wikang Ingles. Ang walong (8) guro ng Filipino sa Junior High School na pinili sa pamamagitan ng total population sampling. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong disenyo, partikular ang penomenolohikal na lapit, at sinuri ang mga datos gamit ang Interpretative Phenomenological Analysis (IPA). Ipinakita sa resulta na may magkakatulad na karanasan ang mga guro kung saan karamihan sa mga mag-aaral ay mas sanay sa paggamit ng wikang Ingles. Natuklasan din na ang kakulangan sa bokabularyo sa wikang Filipino ay nakaaapekto sa kumpiyansa, interes, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase, na nagiging hamon sa mga guro sa pagpapalalim ng pagkatuto. Sa kabila nito, gumamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya tulad ng code-switching, talasalitaan, at mga interaktibong gawain upang mapataas ang interes at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig ng pag-aaral ang pangangailangang palakasin ang paggamit ng wikang Filipino sa edukasyon upang mapaunlad ang kasanayang pangwika at mapanatili ang pambansang pagkakakilanlan.

**Mga Susing Salita:** *karanasan ng guro, wikang Filipino, wikang Ingles, penomenolohikal na pag-aaral, sekundaryang edukasyon*

## PANIMULA

Sa bawat pagkakataon, ang wika ay itinuturing na mahalagang salik sa pagkakakilanlan ng isang bansa. Sa Pilipinas, ang wikang Filipino ay pambansang wika at bahagi ng ating kultura at identidad. Gayunpaman, sa kasalukuyan, napapansin ang unti-unting pagbaba ng paggamit ng Filipino at ang pag-angat ng wikang Ingles sa iba't ibang konteksto, lalo na sa kabataan.

Ang wikang Ingles ay isang internasyonal na wika na itinuturing na "lingua franca" sa pandaigdigang komunikasyon. Dahil sa globalisasyon at pag-unlad ng teknolohiya,

mas nagiging lantad ang mga mag-aaral sa paggamit nito, na nagreresulta sa mas mataas na interes kumpara sa wikang Filipino.

Ayon kina Lamorinas et al. (2025), mas pinipili ng mga kabataang Gen Z ang wikang Ingles dahil sa impluwensya ng edukasyon, digital media, at globalisasyon, kahit kinikilala pa rin nila ang Filipino bilang bahagi ng kanilang identidad. Ipinapakita nito ang hamon sa pagpapanatili ng paggamit at pagpapahalaga sa wikang pambansa.

Dahil dito, kinakailangang masuri ang karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa gitna ng nagbabagong interes ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng isang penomenolohikal na pag-aaral, layunin nitong mailarawan ang kanilang mga karanasan, hamon, at estratehiya upang makapag-ambag sa pagbuo ng angkop na programang pangwika at estratehiya sa pagtuturo.

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Kapansin-pansin sa pananalita ng mga kabataan ang paglago ng interes sa wikang Ingles na unti-unting nagpapababa ng kamalayan ng ilan sa wikang Filipino na siya sanang mas ginagamit sapagkat ito ang wikang pambansa at simbolo ng ating identidad at kultura.

Sa kabila nito, nananatiling mahalaga ang wikang Filipino bilang wikang pambansa at asignatura sa mga paaralan. Batay sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 6, ang wikang pambansa ay Filipino at dapat isulong ang pagpapaunlad at pagpapayaman nito at ng iba pang wika sa Pilipinas.

Ayon sa Department of Education (1974), Order No. 25 s. 1974 (Bilingual Education Policy), ang Filipino at Ingles ay parehong midyum ng pagtuturo sa iba't ibang asignatura. Ayon sa Senate of the Philippines (2013) Republic Act No. 10533 (K-12 Act), pinalalakas ang pagtuturo ng Filipino bilang bahagi ng paghubog sa kabuuang kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga batas na ang Filipino ay hindi lamang kultura kundi mahalagang bahagi ng sistemang pang-edukasyon at polisiya ng bansa.

Sa kabila nito, kapansin-pansin ang pagtaas ng pagkiling ng mga mag-aaral sa wikang Ingles sa pakikipag-usap, pagsusulat, at panonood ng mga palabas, na nagdudulot ng hamon sa mga guro.

Sa sistemang pang-edukasyon, makikita rin ang unti-unting pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa sariling wika sa talakayan at aktibidad, na nagiging hamon sa pagtuturo, motibasyon, at estratehiya ng mga guro sa Filipino.

Sa pamamagitan ng penomenolohikal na pag-aaral, mabibigyang boses ang mga guro upang maunawaan ang kanilang karanasan at kung paano nila hinaharap ang iba't ibang hamon. Layunin nitong makatulong sa pagbuo ng mga angkop na programa at estratehiya upang mapalakas ang paggamit at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa mga mag-aaral.

**Ang Kalagayan ng Lokal na Wika sa Edukasyon at Lipunan**

Sa kasalukyan, lumalakas ang impluwensya ng wikang Ingles bilang isang kilalang wika sa pandaigdigang komunikasyon dulot ng globalisasyon at mabilis na pag-unlad ng

makabagong teknolohiya. Sa maraming bansa, kinakaharap ng mga guro ang hamon ng pagtuturo ng lokal na wika sa kontekstong lumalakas ang interes ng mga mag-aaral sa ibang wika. Ipinakikita nito na ang pagbabago sa paggamit ng wika ay hindi lamang isang lokal na isyu sa mga mag-aaral kundi isang global na penomena na may malaking impluwensya sa sistema ng edukasyon.

Ipinapakita ng pag-aaral nina Manrique at Izquierd (2024) sa Mexico, sa pag-unlad ng kasanayan sa Ingles ng mga mag-aaral bilang wikang banyaga, naiimpluwensyahan ang kanilang antas ng kasanayan sa sariling wika. May pagkakatulad sa natuklasan ni Daya (2025) sa Pilipinas, paggamit ng wikang Filipino sa edukasyon ng development communication sa UP Los Banos, ay nahaharap sa pagtaas ng interes sa wikang banyaga, isa na ang wikang Ingles. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito na may magkakatulad na karanasan ang magkaibang bansa pagdating sa pag-usbong ng wikang ingles, na nagdudulot ng pagbabago sa kasanayan at paggamit ng lokal na wika.

Bilang resulta nito, ang limitadong diskurso sa Filipino sa akademikong konteksto at sa kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng wikang pambansa. Gayunpaman, mapapansin na bagama't lumilitaw sa mga pag-aaral ang epekto ng wikang Ingles, hindi pa ganap na nasusuri kung paano ito direktang nakaaapekto sa mga estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Sa ganitong konteksto, mahalaga ang kasalukuyang pag-aaral upang mapunan ang kakulangang ito at masuri ang aktwal na danas ng mga guro at mag-aaral.

Sa pahayag ni Donoso, I. (2012) sa paggamit ng banyagang wika bilang gamit na midyum ng komunikasyon sa mga paaralan, ang buong edukasyon ay naging banyaga rin para sa mga mamamayan, at ang resulta ay isang lipunang hindi batid ang sariling kasaysayan – ang wikang Filipino. Ipinahihiwatig nito na ang wikang pambansa ay hindi lamang daluyan ng ugnayan kundi isa ring anyo ng kamalayang pangkasaysayan at pambansang identidad. Makikita ang pagkakatulad ng suliranin, tinalakay nina Xue at Zuo (2013) ang dominasyon ng wikang Ingles sa pandaigdigang komunikasyon sa konteksto ng globalisasyon. Tampok dito ang impluwensya ng pangingibabaw ng Ingles sa bansang Tsina, kabilang ang pagbabagong dulot nito sa sistemang edukasyon, pagpapahalaga sa wika, at mga pananaw ng kabataan hinggil sa sariling wika at identidad. Ipinapakita sa mga pag-aaral na ito na hindi lamang Pilipinas ang nakararanas ng ganitong hamon, kundi maging ibang bansa.

Ang ganitong kalagayan ay nagbubunga ng pagababago sa kaisipan ng kabataan gayundin sa kanilang kamalayang kultural at pagkakakilanlan bilang Asyano o Pilipino. Samakatuwid, mahalagang masuri kung paano nakaaapekto ang ganitong kalagayan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan, partikular sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino. Ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kasalukuyang pag-aaral na tukuyin kung paano napapanatili o humihina ang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng wika sa loob ng silid-aralan

Ayon kay Pham (2025), sa bansang Vietnam, ang pag-usbong ng interes sa wikang Ingles bilang pangunahing banyagang wika ay bunga ng globalisasyon. Ipinakikita nito na malaki ang impluwensya ng wikang Ingles sa iba't ibang aspeto ng lipunan at kinakikitaan na ang pangunahing apektado rito ay ang mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig nito na mga kabataan ang pinakamadaling maapektuhan ng pagbabago sa wika dahil sila ang aktibong nakikibahagi sa edukasyon at modernong teknolohiya.

Katulad nito, isinasaad sa pag-aaral nina Malaluan et al. (2024), na malaki ang impluwensyang dayuhan sa wika at kultura ng kabataang Pilipino. Mas pinipili ng mga mag-aaral ang pagsasalita ng magkahalong wikang Filipino at wikang dayuhan na nagpapakita ng unti-unting pag-angat ng banyagang impluwensya sa kaisipan at identidad ng kabataan. Ipinakikita sa magkatulad na resulta ng dalawang pag-aaral na ang paghahalo ng mga wika ay unti-unting nagiging normal na bahagi ng komunikasyon ng mga mag-aaral. gayunpaman, maaaring magdulot ito ng paghina ng malalim na paggamit ng sariling wika kung hindi ito mababalanse o magagabayan.

Kaugnay ng kontekstong ito, ayon kina Tupas at Paz (2025) ang *multilingualism* ay hindi lamang simpleng paggamit ng iba't ibang wika kundi isang sosyal na proseso na pinauunlad ng kapangyarihan at ideolohiya, kaya nangingibabaw ang Ingles sa pagbuo ng kaalaman. Inilalarawan nito na dahil sa paggamit ng iba't ibang wika, nagiging hamon ito sa mga guro sa Filipino pagdating sa klase.

Nangangahulugan ito na ang wikang Ingles ay hindi lang isyu tungkol sa komunikasyon kundi bahagi rin ito ng mas malalim na kultural na pagbabago sa mga kabataan. Bagamat may batas na umiiral sa Pilipinas na dapat pagyamanin ang katutubong wika, patuloy pa rin ang pag-iral ng wikang Ingles sa iba't ibang aspeto. Sa ganitong kondisyon, tila nagiging ikalawa ang wikang Filipino habang patuloy ang pag-unlad ng wikang Ingles sa ilang mga paaralan at sa mga mamamayan na siyang nagiging hamon sa mga guro sa asignaturang Filipino. Ipinapakita ng mga ito na ang wikang Ingles ay patuloy na umuunlad sa edukasyon gayundin sa pagbuo ng kaalaman, hindi lamang ito natural na pangyayari kundi nangyayari sa pakikisalamuha sa lipunan na nagbibigay ng mas mataas na pagpapahalaga kumpara sa sariling wika.

**Dominasyon ng Wikang Ingles at ang Epekto Nito sa Kulturang Pilipino**

Sa paglaganap ng globalisasyon, higit na nakikilala ang wikang Ingles bilang pangunahing midyum ng komunikasyon sa iba't ibang aspeto ng lipunan, partikular na sa pag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang iba't ibang sitema sa edukasyon ay nagkakaroon ng epekto sa impluwensya ng paggamit ng wika ng mga mag-aaral.

Ayon kay Phan (2021) sa Vietnam, ang globalisasyon ang nagdulot ng malaking pagbabago tulad ng pagpasok ng mga internasyonal na organisasyon sa bansa na nagpabilis sa mga epekto sa pagpaplano ng dayuhang wika, kung saan ang Ingles ang pinagtutuunan ng pansin. Ipinapakita nito na hindi lamang mga mag-aaral ang pumipili nito kundi pati mga institusyon o organisasyon ang siyang nagpapalaganap na gamitin ang wikang Ingles.

Tinalakay sa artikulo nina Zeng at Yang (2024) ang pag-angat ng wikang Ingles bilang isang *global lingua franca* o pandaigdigang wika sa konteksto ng *linguistic hegemony*. Ipinakita nila kung paanong ang Ingles ay naging dominanteng wika sa mga larangan ng ekonomiya, pamahalaan, agham, edukasyon, at teknolohiya, ipinapakita nito na kaya mas pinipili ang ingles ay dahil nakikita ito bilang mahalaga sa pag-unlad lalo na sa mga bansang dating sinakop. Dagdag pa, ang Ingles ay madalas na nauugnay sa

“pag-unlad,” “prestihiyo,” at “karunungan,” samantalang ang mga lokal na wika ay naiiwan sa laylayan at itinuturing na di-pormal o panlipunang mababa ang antas. Ibig sabihin, mas nabibigyan ng halaga ang wikang Ingles kaysa sa sariling wika.

Ang ganitong pag-iisip ay nagpapalaganap ng kaisipang kolonyal sa mga mamamayan gayundin sa mag-aaral na ang pagkatuto at pagsasalita ng Ingles ay tanda ng isang progreso. Ibig sabihin, ang pagtingin sa Ingles bilang mas mataas o mas kilala ay hindi lamang usapin ng wika kundi isang malalim na isyung kultural at historikal.

Sa ganitong konteksto, ang mga bansang tulad ng Vietnam at Pilipinas ay nakararanas ng parehong hamon, isang hamon na mapanatiling buhay ang wikang Filipino sa gitna ng globalisayon. Samakatuwid, mahalagang masuri kung paano nakaaapekto ang mga paniniwalang ito sa pag-uugali at pagpapahayag ng mga mag-aaral gamit ang wika. Kaugnay nito, nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik na maunawaan kung paano nahaharap ng mga guro at mag-aaral ang ganitong uri ng hamon sa loob ng klase o paaralan.

Sa Pilipinas, hindi maikakaila ang malawak na impluwensya at epekto ng paggamit ng wikang Ingles sa sistemang pang-edukasyon at sa pakikipagkomunikasyon. Ayon kay Eslit (2025), ang pagkakakilanlang Pilipino ay binubuo ng magkakasalungat na puwersang kultural—gaya ng sabayang pag-iral ng *bayanihan* at *indibidwalismo*, o ng mainit na salitang “Mabuhay” sa kabila ng patuloy na pagkakawatak-watak ng pambansang identidad. Ipinakikita nito na ang pagkakakilanlang pilipino ay hindi iisa ang direksyon kundi nabubuo sa paghahalo ng tradisyon at makabagong impluwensya. Sa ganitong pananaw, masasalamin na ang dominasyon ng wikang Ingles ay hindi lang tungkol sa wika, kundi isa ring salik sa paglikha, at sa ilang pagkakataon, sa pagkabagsak ng pambansang identidad. Ayon kina Tupas at Martin (2017) ang paggamit ng Ingles ay bunga ng kolonyalismo gayunman nagkaroon ng patakarang pangwika sa edukasyon tulad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education o (MTB-MLE) upang mahubog sa paggamit ng unang wika ngunit dahil ideolohiya sistemang pang-edukasyon, ito ay nagreresulta sa mga hamon sa pagtuturo ng mga asignaturang pangwika tulad ng Filipino.

Sa konteksto ng edukasyon, isang malinaw na manipestasyon ng dominasyon ng wikang Ingles ay ang patuloy nitong pagiging pangunahing midyum sa mga unibersidad, partikular sa ilang mga asignatura. Bagamat may patakarang pinatutupad ang DepEd tulad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education o (MTB-MLE) at pagpapaunlad ng wikang Filipino sa ilang antas ng edukasyon, makikita pa rin ang epekto ng wikang Ingles sa mga mag-aaral dahilan ng hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino. Ipinakikita nito na bagama’t may mga polisiya para sa pagpapalakas ng lokal na wika, hindi pa rin ito ganap na naipapatupad sa aktwal na sitwasyon sa klase.

Batay sa pag-aaral nina Meneses, et al. (2023) sa Pilipinas, ang mga opisyal na wika na kinikilala ay ang wikang Filipino at Ingles, na kapwa nagsisilbing midyum ng pagtuturo sa lahat ng paaralan sa buong Pilipinas. Gayunman, kahit may *Filipino-Only Policy* sa isang klase sa asignaturang Filipino, nananatili pa rin sa Pagsasalita wikang Ingles ang mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na mas sanay na ang mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Ingles kaya hirap silang gamitin ang wikang Filipino sa akademikong konteksto.

Sa pag-unlad ng globalisasyon at teknolohiya, ang mga mag-aaral ay mas pamilyar na sa paggamit ng wikang Ingles kaya humihina ang bokabolaryong kaalaman sa wikang Filipino na siyang nagsisislbing hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino. Sa kabila ng suliraning ito, may mga gurong nagsasagawa ng estratehiya tulad ng *Filipino-Only Policy* upang mapanatili ang kulturang paggamit ng wikang Filipino sa asignaturang ito ngunit hirap pa rin ang mga mag-aaral na sundin ang patakarang pang-klaseng ito. Pinapahiwatig nito na hindi sapat ang isang estratehiya lamang upang mapanumbalik ang paggamit ng wikang Filipino sa klase.

Patunay ang mga sitwasyong ito na ang mga gurong tagapagtaguyod ng wikang pambansa ay dumaranas ng iba't ibang pagsubok sa klase. Kaya mahalagang masuri sa kasalukuyang pananaliksik kung may iba pang pamamaraan na maaaring gamitin ng mga guro upang mapalakas ang paggamit ng Filipino sa kabila ng dominasyon ng Ingles.

**Karanasan at Angkop na Estratehiya ng mga Guro**

Ang papel ng karanasan ng mga guro ay isang salik na nakaapekto sa kanilang kakayahang magturo ng epektibo. Mahalaga na matukoy ang angkop na pamamaraan sa pagtuturo upang mas mapaunad ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Hindi lamang sa nilalaman nakabatay ang epektibong pagtuturo kasama na rin ang mga estratehiyang ginagamit ng guro.

Sa pag-aaral ni Zhang, (2020) magulo at pabago-bagong ugnayan sa pagitan ng paniniwala at aktwal na gawi ng mga guro para sa wika ng pagtuturo. Katulad ng bansang Tsina, tumataas ang populasyon ng mga mag-aaral na tumatangkilik sa wikang Ingles na nagiging hamon sa wikang gamit sa pagtuturo ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay nahaharap sa kasalukuyang “language shift” o pagbabago sa pagpili ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral.

Sa Pilipinas, makikita rin ang ganitong uri ng kalagayang kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Binanggit ni Donaire (2024), na malaki ang hamong nararanasan ng mga guro tulad ng limitadong kaalaman ng mag-aaral sa Filipino, suliranin sa pagpapaintindi ng mga salita at kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Ingles. Ipinakikita na ang mga guro ay nahaharap sa hamon na kung saan ang mga mag-aaral ay may kakulangan sa wikang Filipino.

Ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ay harapin ang klase na may mga mag-aaral na limitado lamang ang kaalaman sa paggamit at pag-unawa ng wikang pambansa. Nangangahulugan ito na kailangan ng mga guro ng mga angkop na pamamaraan o estratehiya upang maibalik ang atensyon at kasanayan ng mag-aaral sa wikang Filipino.

Malaking hamon ito para sa mga guro lalo na kung ang aralin ay patungkol sa bokabularyo at literatura na may masining na pagpapahayag. Samakatuwid, ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay hindi basta paglalapat ng nilalaman, ito rin ay isang patuloy na pakikibaka para sa wika, pag-unawa, at identidad sa panahon ng patuloy na globalisasyon. Kaya mahalaga sa kasalukuyang pag-aaral na tukuyin kung anong mga estratehiya ang talagang epektibong paraangmmaaaring gamitin ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyang konteksto.

Batay sa pag-aaral nina Punongbayan et al. (2025), natuklasang may malaking impluwensya ang mga guro at magulang sa interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Ingles. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay mahalagang impluwensya sa paghubog ng saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Ipinapakita nito na ang motibasyon ng mga mag-aaral ay hindi lang mula sa sarili nilang desisyon sa halip ay nakaapekto rin ang mga taong nakapaligid sa kanila. Sa kontekstong ito, mahalagang mabigyang-pansin kung paano ito hinaharap ng mga guro sa Filipino ang ganitong sitwasyon, lalo na kung mas lumalago ang atensyon ng mga mag-aaral sa Ingles kaysa sa sariling wika. Ang ganitong kalakaran ay isa pang karagdagang hamong kinakaharap ng mga guro sapagkat kinakailangan nilang makaisip ng iba pang paraan upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang pambansa. Kaya mahalaga ang pagpapalawak ng mga estratehiya sa pagtuturo upang mahikayat ang aktibong paggamit ng wikang Filipino.

Ipinakikita ng mga hamong ito ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga guro upang maging epektibo ang pagtuturo ng Filipino at mapunan ang mga pangangailangang akademiko ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon.

Kaugnay ng pag-aaral nila Putu Wulantari et al. (2023), isa sa mga hamong dinaranas ng mga guro sa pagtuturo ng wika ay ang mga mag-aaral na may mababang interes sa sariling wika at ang kalituhan sa kurikulum. Dahil dito, kinakailangang gumamit ng mga makabagong estratehiya tulad ng *gamification* upang mapalago ang motibasyon ng mag-aaral, maging aktibo sa pakikilahok para sa epektibong pagkatuto. Ipinapahiwatig nito na ang makabagong paraan ng pagtuturo ay epektibong sagot sa unti-unting pagbaba ng interes ng mga mag-aaral. Mula sa kanilang mga karanasan, nakikita ng mga guro ang pangangailangang ito bilang paraan upang mas mapaunlad ang interes ng mga estudyante sa Filipino. Kaya ang pagpili ng angkop na estratehiya ay mahalagang salik sa tagumpay ng pagtuturo ng wika sa makabagong panahon.

Kaugnay nito, ipinapakita nina Magno et al. (2024) na ang pagsasagawa ng mga interaktibong aktibidad tulad ng “Filipino word of the day,” mga language games, at role-playing ay mabisang paraan upang mapalago ang bokabularyo at mapabuti ang kasanayan sa komunikasyon. Ipinakikita nito na ang interaktibong pagtuturo ay nakatutulong sa mas madaling pag-unawa at paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ayon kina Buhisan, et al. (2024), mahirap para sa mga guro ang pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na sanay at may kaalaman sa Ingles, ngunit may mga epektibong estratehiya upang mapagaan ang pagtuturo, gaya ng pagbibigay-linaw sa mga mahihirap na bahagi ng aralin, paggamit ng teknolohiya, pagsasalin, pagko-code switch, pagyakap sa pagkakaiba-iba, at pagsasanay na may aktwal na aplikasyon. Sinasabi rito na ang paggamit ng mga estratehiya ay mahalaga para sa layuning maangkop ang pagtuturo sa iba’t ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sa bisa ng mga pamamaraang ito, mas nagiging makabuluhan at inklusibo ang karanasan sa pagkatuto ng Filipino. Ang mga karanasang ito ng mga guro ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aangkop ng pagtuturo sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mas mapalaganap ang paggamit ng wikang Filipino sa edukasyon at mapanatili

ang sariling wika bilang pagkakakilanlan. Kaya mahalaga sa kasalukuyang pananaliksik na masuri kung anu-anong mga estratehiya ang talagang epektibo sa pagpapalakas ng interes at kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Ayon kina Abduh et al. (2022) mahalaga ang paniniwala ng mga guro sa pagtanggap at paggamit ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa panahon ng mga pagbabago sa kurikulum. Bagamat may mga hamon, positibo ang pagtugon ng mga guro sa reporma sa kurikulum dahil nauunawaan nila ang pangangailangan ng pag-unlad ng kanilang kaalaman at kasanayan upang mapabuti ang pagtuturo.

Sa ganitong konteksto, ang mga guro ng Filipino ay kinakailangang maging bukas sa mga makabagong estratehiya upang epektibong maihatid ang aralin, lalo na sa harap ng lumalaking impluwensya ng wikang Ingles at iba pang globalisadong kultura. Pinapahiwatig nito na ang pag-aangkop ng mga guro sa estratehiyang gagamitin ay direktang nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo ng wikang Filipino.

Ayon kina Nimer at Nakpil (2024), naging malaking hamon sa mga guro sa Filipino ang pagtuturo sa kasanayan ng pagbasa sa panahon ng New Normal dahil sa mga pagbabagong dulot ng pandemya at paggamit ng teknolohiya. Sa kabila ng mga hamong ito, naging pagkakataon ito para sa mga guro na tuklasin at gamitin ang mga moderno at angkop na estratehiya sa pagtuturo. Ipinakikita nito na ang mga pagsubok o pagbabago ay maaaring maging daan din ng pag-unlad sa kasanayan ng mga guro. Ang pagsubok sa mga bagong pamamaraan ay nagpatibay sa kanilang kakayahan bilang guro at nakatulong upang mas mapahusay ang pag-abot sa mga mag-aaral sa gitna ng mga limitasyon ng tradisyunal na pagtuturo.

Samantala, ayon kay Combong (2025), positibo ang pananaw ng mga guro sa pagpapaunlad ng wikang Filipino, lalo na sa aspeto ng pagpapahusay ng pag-unawa at paglahok ng mga mag-aaral sa klase. Ang ganitong positibong saloobin ay nagbunga ng mga makabuluhang estratehiya na hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman kundi nagpapatibay din sa emosyonal at kognitibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig na ang pananaw ng guro ay may implikasyon sa pakikilahok at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dahil positibo ang pananaw ng mga guro sa wikang Filipino, mas naging epektibo ang pagtuturo, na nagdulot ng unti-unting pagtaas ng antas sa partisipasyon at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, sa kabila ng hamong dinaranas ng mga guro nagiging positibo pa rin ang kanilang pananaw upang makagamit ng angkop na estratehiya para sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang guro bilang tagapamagitan ng wika ay may mahalagang papel sa pagpapanatili at pagpapayaman ng wikang Filipino sa kabila impluwensya ng banyagang wika o wikang Ingles. Kaya't kinikilala ang papel ng guro sa pagpapatuloy ng pagkakakilanlang pangwika at kultural ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

**Teoritikal na Balangkas**

Cultural Continuity Hypothesis (Cobb, Schwartz, at Martinez)

Ayon sa Cultural Continuity Hypothesis nina (Cory Cobb et al., 2025) likas sa mga tao ang pagnanais na mapanatili at mapangalagaan ang mahahalagang aspeto ng kanilang

kultura sa kabila ng paglipas ng panahon at ng mga pagbabagong dulot ng modernisasyon at globalisasyon. Ang teoryang ito ay nagpapaliwanag na ang pagpapatuloy ng kultura (cultural continuity) ay isang mahalagang pangangailangang sikolohikal na nagbibigay ng pagkakakilanlan, pagkakaugnay, at kapanatagan sa mga kasapi ng isang lipunan.

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang wikang Filipino ay itinuturing na makabuluhang bahagi ng kulturang Pilipino na dapat mapangalagaan at mapanatili sa henerasyong lumalago ang impluwensya ng wikang Ingles sa mga mag-aaral. Ang pag gamit ng Filipino sa edukasyon ay hindi lamang paraan bilang midyum ng komunikasyon kundi isa rin itong instrumento sa pagpapatuloy ng pambansang identidad at pagkakakilanlan. Sa impluwensiya ng wikang Ingles bilang isang kilalang wika at global na komunikasyon, nagsisilbing hamon sa pagtuturo ng mga guro ang kanilang karanasan sa pagpapanatili ng kulturang Pilipino.

Sociocultural Theory (Lev Vygotsky)

Naniniwala ang sikolohistang si Vygotsky (1978) na ang pag-unlad ng kamalayan ng tao ay nahuhubog sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapaligirang panlipunan at kultura. Binibigyang-diin ng Sociocultural Theory na ang pagkatuto ay isang sosyal na proseso na kung saan ang karunungan at kasanayan ay nabubuo sa pamamagitan ng interaksyon sa mga taong may higit na kaalaman tulad ng mga magulang at guro.

Kaugnay nito, ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay nagsisilbing tagapamagitan ng kaalaman sa silid-aralan. Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan at makipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa tulong ng iba't ibang estratehiya. Sa perspektibong sosyokultural ni Vygotsky, ipinapakita na ang guro ay mahalaga sa pag-unlad ng pagkatuto at pagpapanatili ng paggamit ng wikang Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pananaliksik na tuklasin at ilarawan ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na nasa sekundarya sa kulturang lumalago ang interes sa wikang Ingles. Ang mga suliraning binibigyang-tuon sa pananaliksik na ito ay ang mga sumusunod:

1. Paano inilalarawan ng mga guro ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na lumalago ang interes sa wikang Ingles?

2. Paano nila inilalarawan ang mga suliranin na kanilang kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino sa kanilang klase?

3. Anu-anong mga estratehiya ang ginagamit ng mga guro upang matugunan ang mga suliranin na dulot ng lumalagong interes ng mga mag-aaral sa wikang Ingles?

4. Anong mungkahing programa ang maaaring itaguyod batay sa resulta ng pag-aaral?

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa kulturang lumalago ang interes sa wikang Ingles. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekundarya na binubuo ng walong (8) guro. Ang pag-aaral ay isasagawa sa Ikalawang Distrito ng Marikina sa isang pribadong paaralan, ang FEU Roosevelt, Marikina Campus sa taong panuruan 2025-2026. Pinili ang walong kalahok sapagkat sila lamang ang kabuuang bilang ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa sekondarya sa nasabing paaralan sa panahon ng pananaliksik.

Bagaman walong kalahok lamang ang isinama sa pananaliksik, ito ay itinuturing na sapat batay sa prinsipyo ng *data saturation* sa kwalitatibong pananaliksik. Ipinahayag nina Fusch at Ness (2015), ang *data saturation* ay isang pangunahing konsepto sa kwalitatibong pananaliksik na tumutukoy sa punto kung kailan wala nang bagong impormasyonng lumilitaw sa pagkuha ng datos, nagsisiguro na sapat na ang bilang ng kalahok. Ito ang nagsisilbing batayan sa pagtukoy ng sapat na bilang ng kalahok at kapag naabot ito, hindi na kinakailangan ang karagdagang pangangalap ng datos.

Tatalakayin dito ang kanilang karanasan, mga hamon at estratehiya sa kanilang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Gayunpaman, dahil sa personal na interpretasyon ng bawat isa, maaaring may bahagyang pagkakaiba-iba sa mga nakalap na impormasyon.

Nakatuon ang pananaliksik na ito sa karanasan ng mga guro. Limitado ito sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa sekundarya at hindi sumasaklaw sa elementarya o kolehiyo. Ang mga kalahok ay mula sa isang piling paaralan at hindi kinakatawan ng resulta ang kabuuang bilang ng mga guro sa ating bansa.

**METODOLOHIYA**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik upang unawain ang karanasan ng mga guro. Tatalakayin dito ang disenyong ginamit sa pananaliksik, ang paraan ng pagpili sa mga kalahok, ang instrumentong ginamit, pati na rin ang mga hakbang sa proseso sa pagsasagawa at pagsusuri ng datos.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang penomenolohikal na disenyo. Ayon kay McLeod (2024), ang penomenolohiya ay nakatuon sa pagsusuri ng karanasan upang maunawaan ang tunay nitong kabuluhan sa konteksto ng edukasyon. Gumamit din ito ng Interpretative Phenomenological Analysis (IPA) na ipinakilala ni Jonathan A. Smith (1996), na nakatuon sa malalim na pagsusuri at interpretasyon ng karanasan ng mga kalahok upang maipakita ang kahulugan ng kanilang mga pananaw sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan.

**Lugar ng Pag-aaral**

Isinagawa ang pag-aaral sa FEU Roosevelt, Marikina na isang pribadong paaralan sa lungsod ng Marikina. Ang FEU Roosevelt ay kabilang sa ‘FEU Group of Schools” at patuloy na nagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral.

Nagsimula ang kasaysayan ng paaralan bilang Marikina Academy noong 1933 na itinatag ni Wenceslao Dela Paz, dating alkalde ng Marikina. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ito ay muling binuksan ni Deogracias F. Dela Paz bilang Roosevelt Memorial High School (RMHS) upang maipagpatuloy ang edukasyon sa lungsod. Sa paglipas ng panahon, lumawak ang mga programa ng paaralan at naging Roosevelt College, Inc. (RCI).

Noong 2016, ang Far Eastern University (FEU) ay naging pangunahing tagapangasiwa ng paaralan, at noong 2019, ito ay opisyal na pinangalanang FEU Roosevelt. Sa kasalukuyan, patuloy itong nagbibigay ng makabagong edukasyon at nagsusulong ng pagkatuto sa tulong ng makabagong teknolohiya bilang pamamaraan sa pagtuturo.

Ang FEU Roosevelt, Marikina ay nagbibigay ng de-kalidad na edukasyon mula *Basic Education* hanggang *Tertiary Level.*

Sa Basic Education Program, layunin ng paaralan na hubugin ang mga kabataang handa sa hinaharap sa pamamagitan ng kurikulum na nagpapalakas sa kanilang katatagan, pagkamalikhain, kritikal na pag-iisip, at mabisang komunikasyon. Pinagsasama nito ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo at makabagong teknolohiya upang matulungan ang mga nag-aaral na makasabay sa mabilis na pagbabago ng panahon.

Samantala, ang *Tertiary Education Program* ay nakatuon sa paglinang ng mga propesyonal na may integridad, kahusayan, at malasakit sa lipunan. Nag-aalok ito ng mga programang pangkolehiyo at pang-gradwado na may iba’t ibang programa na naglalayong ihanda ang mga mag-aaral na maging kompetitibo sa pandaigdigang larangan at makapag-ambag nang makabuluhan sa lipunan.

Ang paaralan ay gumagamit ng teknolohiya, isa rito ang tinatawag na canvas. Isang sistema kung saan pinapakita o pinapaalam ng bawat guro ang mga aralin, sanggunian, proyekto, takdang-aralin, pagsusulit, at mga anunsyo—ginagamit ng mga nangungunang paaralan sa Estados Unidos.

**Mga Kalahok**

Binubuo ng walong (8) kalahok ang pananaliksik na ito, sila ay mga guro ng asignaturang Filipino na nagtuturo sa antas ng sekundarya sa FEU Roosevelt, Marikina. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng *total population sampling* sapagkat ang mga kalahok na guro ay kumakatawan sa antas ng sekundaryang Junior High School. Bagaman maliit ang bilang, itinuturing itong sapat para sa isang penomenolohikal na pag-aaral dahil ang layunin ay masusing maunawaan ang lalim at esensya ng karanasan ng bawat guro, hindi ang dami ng kalahok.

Ang mga hamon, karanasan, at pamamaraan sa pagtuturo ang nagsilbing pangunahing batayan ng datos sa pag-aaral. Isinagawa ang pagpili sa mga kalahok sa paraang boluntaryo, at tiniyak na ang kanilang mga sagot ay mananatiling kumpidensiyal at gagamitin lamang para sa layuning pang-akademiko.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumenting ginamit sa pag-aaral na ito ay ang gabay sa panayam (interview guide) na may sariling gawang tanong na inihanda ng mananaliksik. Binubuo ito ng serye ng mga bukas na tanong (open-ended questions) na layuning tuklasin ang mga karanasan ng mga guro habang nagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na may mataas ang interes sa wikang Ingles. Ang mga tanong ay nabuo ayun sa layunin ng pananaliksik at sa mga aspektong nakapaloob sa mga teoryang ginamit at pinagtibay ng ilang mga eksperto sa asignaturang Filipino upang matiyak ang kaangkupan at bisa ng mga ito.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ang pangangalap ng mga datos sa pakikipanayam sa mga napiling guro sa asignaturang Filipino sa antas sekundarya ng FEU Roosevelt Marikina. Bago ang aktuwal na panayam, ang mananaliksik ay nagpabatid ng pahintulot sa pamunuan ng paaralan at sa mga kalahok upang matiyak ang kanilang boluntaryong pagsang-ayon sa paglahok sa pag-aaral. Ipinaliwanag sa ma guro ang nais matamo ng pananaliksik, ang tagal ng panayam, at ipinaliwanag ang kahalagahan ng pagiging kumpidensiyal ng mga impormasyong ibinahagi.

Ginamit sa panayam ang gabay na may bukas na tanong (open-ended interview guide) upang hikayatin ang kalahok na malayang ibahagi ang mga karanasan, pananaw, at damdamin sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa usaping mas interesado sa wikang Ingles. Ang panayam ay isinagawa nang harapan sa bakanteng oras ng guro. Sa pahintulot ng kalahok, nairekord ang panayam upang makalap at masuri ang katumpakan ng mga datos at mas mapadali ang transkripsyon.

Matapos makalap ang mga impormasyon, isinagawa ang transkripsyon ng mga sagot at sinimulan ang pagsusuri gamit ang Reflexive Thematic Analysis (RTA), alinsunod sa mga layunin at teoretikal na balangkas ng pag-aaral. Sa kabuuan, ang mga proseso ay naglalayong makuha ang pinaka-totoo at makabuluhang karanasan ng mga guro sa kontekstong tumataas ang interes ng mga mag-aaral sa wikang Ingles.

**Paraan ng Pagsusuri ng Datos**

Upang masuri ang mga nakalap na datos mula sa isinagawang panayam, ginamit ng mananaliksik ang Reflexive Thematic Analysis (RTA) nina Braun at Clarke (2006). Ang pamamaraang ito ay angkop sapagkat layunin ng pananaliksik na maunawaan at ilarawan nang malalim ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kontekstong higit na napapahalagahan ng ang wikang Ingles.

Upang matiyak ang pagiging wasto at kredibilidad ng pagsusuri, isinagawa ng mananaliksik ang pagwawaksi ng sariling pananaw (bracketing) at sistematikong pagdokumento ng bawat hakbang ng pagsusuri. Sa pamamagitan nito, sinikap na maiwasan ang pansariling pagkiling (bias) at mapanatiling tapat ang interpretasyon sa tunay na karanasan ng mga kalahok.

Upang maisagawa ito, dumaan ang mananaliksik sa ilang mahahalagang hakbang na iminungkahi nina Braun at Clarke (2006):

1. Pagkilala sa Datos- (Familiarization with the Data)
Binasa at pinakinggan ng mananaliksik nang paulit-ulit ang mga transkripsyon ng panayam upang lubos na maunawaan ang nilalaman at damdamin ng mga guro na may kaugnayan sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng Filipino.

2. Pagbuo ng mga Paunang Kodigo (Generating Initial Codes)
Mula sa mga piling pahayag ng mga kalahok, tinukoy at nilagyan ng mga kodigo ang mga makabuluhang bahagi ng datos.

3. Paghahanap ng Tema (Searching for Themes)
Sinuri at pinagsama-sama ang mga magkakaugnay na kodigo upang makabuo ng mga tema. Sa bahaging ito, nagsimulang umusbong ang mga pangkalahatang kaisipang naglalarawan sa kabuuang karanasan ng mga guro.

4. Pagsusuri ng Tema (Reviewing Themes)
Muling sinuri at inihanay ng mananaliksik ang mga paunang temang nabuo upang tiyakin ang pagiging wasto, malinaw, at kaugnayan sa kabuuang datos.

5. Pagpapangalan at Paglalarawan ng Tema (Defining and Naming Themes)
Bawat tema ay pinangalanan at binigyang-kahulugan batay sa nilalaman ng mga pahayag ng bawat kalahok. Sa bahaging ito, inilarawan mga temang kumakatawan sa karanasan, suliranin, at ginagamit na estratehiya ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon.

6. Pagsusulat ng Ulat (Producing the Report)
Ang huling hakbang ay ang pagsasama-sama ng mga natuklasang tema sa isang paglalahad. Gumamit ang mananaliksik ng mga direktang sipi mula sa mga kasagutan ng mga guro upang higit na mapagtibay ang interpretasyon at maging makatotohanan ang paglalarawan ng kanilang karanasan.

Upang matiyak ang reabilidad ng mga nabuong tema mula sa nakalap na datos, isinagawa ang *peer validation*. Sa ganitong paraan ang mga tema ay ipinasuri sa kapwa mananaliksik na mayroong kaalaman sa larangan ng edukasyon bilang isang guro sa Filipino. Ang temang nabuo ay sinuri batay sa mga datos na nakalap upang matiyak na ang mga tema ay maayos, malinaw at angkop batay sa mga pahayag. Nang masuri, napagkasunduan na wasto, at organisado ang mga temang nabuo batay sa mga karanasan ng kalahok. Ang prosesong isinagawa ay makatutulong upang mapalakas ang kredibilidad at bisa ng pagsusuri sa datos.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang pananaliksik ay pinamagatang "Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral sa Kulturang Lumalago ang Interes sa Wikang Ingles," lubos na isinasaalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayan sa etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik upang protektahan ang karapatan, kapakanan, at dignidad ng mga kalahok.

1. Malayang Pagpapasiya at Pahintulot (*Informed Consent*)

Bago ang pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay humingi ng opisyal na pahintulot mula sa administrasyon ng FEU Roosevelt, Marikina. Ang bawat kalahok ay binigyan ng

*Informed Consent Form* na naglalaman ng malinaw na paliwanag hinggil sa layunin ng pag-aaral, proseso ng panayam, at ang inaasahang tagal nito.

2. Pagiging Kumpidensiyal at Anonymity (*Confidentiality*)

Sa katiyakan ng seguridad ng mga respondente, ang kumpidensiyalidad ng mga kalahok ay pangunahing prayoridad. Ang lahat ng *audio recordings*, transkripsyon, at mga kaugnay na dokumento ay iniimbak sa isang ligtas at *encrypted* na *digital storage* na ang mananaliksik lamang ang may akses. Ang mga datos na ito ay nakatakdang burahin o sirain matapos ang itinakdang panahon ng pag-aaral.

3. Prinsipyo ng *Non-maleficence* at *Beneficence*

Isinagawa ang mga panayam sa oras at lokasyong pinaka-maginhawa para sa mga kalahok upang maiwasan ang anumang abala sa kanilang mga akademikong tungkulin. Tiniyak na ang mga gabay na tanong ay dumaan sa balidasyon ng mga eksperto sa wikang Filipino upang masigurong ang mga ito ay sensitibo, walang kinikilingan, at hindi magdudulot ng sikolohikal na ligalig sa mga kalahok.

4. Integridad at Katapatan sa Datos

Ang mga pahayag ng bawat kalahok ay sinuri nang obhetibo at hindi binago upang umayon sa personal na hinuha ng mananaliksik. Kinikilala rin ang paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI) bilang kagamitan sa pagsasaayos ng gramatika at pagsasalin, subalit pinananatili na ang kabuuan ng ideya, pagsusuri, at interpretasyon ay orihinal na likha ng mananaliksik.

## RESULTA

### <u>SULIRANIN 1: KARANASAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG FILIPINO</u>

#### Tema 1: Wikang Filipino bilang Salamin ng Pagkakakilanlan at Kultura

Ipinakita ng mga kalahok na ang wikang Filipino ay hindi lang itinuturing na asignatura, bagkus ito'y isang mahalagang bahagi ng identidad ng bawat Pilipino. Ito ay nagsisilbing daluyan ng kultura, kasaysayan, at pagkakaisa ng bansa.

Sa pahayag nina R2 at R5, binigyang-diin ang kahalagahan ang pagpapatuloy sa paggamit ng wikang Filipino sa paaralan bilang instrumento ng pambansang pagkakaisa. Ayon sa kanila, *"Mahalagang mapanatili sa ating paaralan ang paggamit nito upang maging isa tayo bilang isang bansa. Ito ang ating daluyan ng komunikasyon bilang isang Pilipino."*

Kaugnay nito, sinuportahan naman ito ni R8 sa pamamagitan ng pagturing sa papel ng wikang Filipino bilang tulay sa pagkilala sa sariling kultura at identidad. Ayon sa kanya, *"Napakahalaga ng wikang Filipino sa kasalukuyang panahon dahil ito ay nagsisilbing tulay upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling kultura at pagkakakilanlan bilang tunay na Pilipino. Sa pamamagitan ng paggamit nito, mas nagiging malapit sa isa't isa at nagkakaroon ng kamalayan sa pakikibahagi sa mga aralin."*

**Interpretasyon:**

Ipinapakita na ang pagpapairal ng wikang Filipino ay nakatutulong sa mga mag-aaral paa sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang kultura at sa kanilang aktibong pakikilahok sa mga gawaing-pampaaralan.

Pinatunayan din ito sa pag-aaral ni Eslit (2025), na ang papel ng wikang Filipino ay mahalaga sa paghubog ng pambansang identidad sa gitna ng magkakasalungat na impluwensyang kultural

**Tema 2: Lumalakas na Impluwensya ng Wikang Ingles sa Interes ng mga Mag-aaral**

Sa resulta ng pag-aaral na malaki ang impluwensya ng wikang Ingles sa pagkakaroon ng interes at gawi ng mga mag-aaral. Karamihan sa kanila ay mas komportable at sanay sa paggamit nito, na maaring rason sa unti-unting pagbaba ng kanilang interes sa wikang Filipino.

Sa pahayag ni R2, binigyang-diin niya na mas lamang sa klase ang gumagamit ng wikang Ingles kumpara sa wikang Filipino. Ayon sa kanya, *"Malaki na talaga ang naging impluwensya ng wikang Ingles… mas marami na ang gumagamit nito kumpara sa wikang Filipino. Hindi natin maitatanggi na ang pagtingin sa mga nagsasalita ng wikang Ingles ay sila yung matataas… kaya madalas ito na ang kanilang ginagamit."* Dagdag pa niya, *"dahil ito ang kinalakihang wika ng maraming mag-aaral, mas nagiging interesado silang gamitin ito sa kanilang pananalita."* Nabanggit din niya na nagreresulta ito sa pag *hahalo o taglish* dahil sa kahirapan ng ilang mag-aaral na magsalita nang tuloy-tuloy sa wikang Filipino.

Sinuportahan naman ito ni R4. Ayon sa kanya, *"Napapansin ito sa loob ng klase… mas gusto nilang sumagot sa wikang Ingles dahil hindi nila masabi nang lubusan sa wikang Filipino ang nais nilang ipahayag."* Ipinapakita nito na may kakulangan sa kasanayan ang ilang mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

Dagdag pa rito, pinagtibay ni R8 ang mga naunang pahayag. Ayon sa kanya, *"Kapag hindi sila sumasagot sa klase, ibig sabihin hindi nila kayang ipahayag ang kanilang nais sabihin sa wikang Filipino dahil mas sanay sila sa wikang Ingles… Mapapansin din ito sa kanilang sulatin, nahihirapan silang gawin ito."*

**Interpretasyon:**

Ipinapakita sa pahayag ng mga respondente na lumalakas na impluwensya ng wikang Ingles ay may direktang bunga sa interes at kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino. Napatibay ito sa pag-aaral nina Zeng at Yang (2024), ang Ingles ay itinuturing na dominanteng wika sa larangan ng edukasyon at lipunan na nagdudulot na nagiging impluwensya sa pagkilala rito kaysa lokal na wika.

## SULIRANIN 2: MGA SULIRANIN SA PAGTUTURO NG FILIPINO

**Tema 3: Kakulangan sa Kasanayan at Bokabularyo sa Filipino**

Ang pangunahing suliraning lumitaw ay ang kakulangan sa bokabularyo at kasanayan sa wikang Filipino. Ang kakulangang ito ay nagiging hadlang sa kanilang aktibong pakikilahok at pagkatuto sa mga aralin.
Sa pahayag ni R2, binigyang-diin na ang limitadong bokabularyo sa wikang Filipino ay isa sa mga hamon sa pagtuturo. Sabi niya, *"Isang hamong kinakaharap sa pagtuturo ay ang mismong kawalan ng interes at higit sa lahat, limitado ang kanilang bokabularyo sa wikang Filipino, kaya nawawalan sila ng interes na makiisa sa klase at hindi ganap ang pagkatuto."* Ipinapakita nito na may ugnayan ang kakulangan sa bokabularyo at ang utni-unting pagbaba ng pagpapahalaga sa asignatura.

Kaugnay nito, mapapansin ang kakulangan sa kakayahan sa sariling wika ng ilang mag-aaral. Ayon kay R3, *"Kadalasan, sila ay nagugulat o nalilito sa tamang paraan ng paggamit ng salita sa asignaturang ito, sapagkat karamihan sa mga salitang ginagamit sa wikang Filipino ay masyado nang malalim at hindi nila nagagamit palagi."* Ipinapakita nito na ang hindi pamilyar na bokabularyo ay nagiging sanhi ng kalituhan at kahirapan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Interpretasyon:**

Ipinapakita sa datos na ito ang kakulangan sa bokabularyo at kasanayan sa wikang Filipino ay isang dahilan upang makaapekto ito pagkatuto sa klase. Pinatotohanan sa pag-aaral ni Donaire (2024), ang limitadong kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay nagdudulot ng kahirapan sa pag-unawa at paggamit nito sa klase.

**Tema 4: Kawalan ng Interes at Kumpiyansa ng mga Mag-aaral**

Sa resultang lumabas sa pag-aaral, ang kawalan ng interes at kumpiyansa ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing suliranin sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Ayon kay R2, *"Nakaaapekto ito sa pagpapanatili ng engagement sa kanila kasi kapag hindi na nila naiintindihan ang aking mga sinasabi o mga salitang hindi na nila naiintindihan, nawawalan na sila ng atensyon sa akin o sa aming talakayan. Ito yung karaniwang hamon sa aking pagtuturo."* Ipinahihiwatig nito ang mababang kakayahan sa wikang Filipino ay nagdudulot ng kawalan ng interes at atensyon ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay R1 may epekto ang mababang kasanayan at kaalaman sa paggamit ng Filipino sa kumpiyansa ng mga mag-aaral. Ayon sa kanya, *"Madalas nilang hindi masabi ang kanilang mga nais sabihin dahil sa mababang kasanayan at kaalaman sa paggamit ng wikang Filipino. Nahihiya o hindi na lang magtataas ng kamay dahil hindi nila alam kung paano ipaliliwanag gamit ang wikang ito sa kanilang mga kasagutan."* Ipinapakita nito na ang kawalan ng kumpiyansa ay humahadlang sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan.

Dagdag pa rito, ang epekto ng kakulangan sa pag-unawa at kumpiyansa ay makikita sa kanilang partisipasyon. Ayon kay R6, *"Naiiba ang kanilang pag-unawa sa*

*aralin kaya pagdating sa sitwasyon ng partisipasyon, ayaw nila dahil iniisip nila na baka mali sila at nahihiya sila. Dito palang kita na ang epekto sa paraan ng kanilang pagpapahayag."* Ipinapakita nito na ang kawalan ng kumpiyansa ay direktang nakaaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang kaisipan sa klase.

**Interpretasyon:**

Ipinapakita sa mga datos na ang pagbaba ng interes at kumpiyansa ng mga mag-aaral ay may direktang epekto sa aktibong partisipasyon at pagkatuto nila sa wikang Filipino. Ang kakulangan ng mga ito sa kasanayan at kaalaman sa wikang Filipino ay nagdudulot ng pag-aalinlangan at hiya. Sa pag-aaral nina Punongbayan et al. (2025), napatunayan dito na ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral ay naaapektuhan ng mga salik sa kanilang kapaligiran at may impluwensya sa kanilang pagkatuto ng wika.

**Tema 5: Dominansya ng Wikang Ingles bilang Hadlang sa Pagkatuto**

Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang pagiging mas sanay sa wikang Ingles ay nagiging hadlang sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ayon kay R4, *"Kapag may talakayan kami o dapat sagutan, magtatanong muna sila kung pwede ba ito sagutan sa wikang Ingles o magtatanong siya ng ibig sabihin ng salitang ito sa Ingles. Kapag naipapaliwanag naman ito, naiintindihan nila kaya mas mabilis niyang maipapahayag ang kanyang nais sabihin o sagutin."* Ipinapakita nito na mas komportable sila sa paggamit ng Ingles, kaya't mas madali sa kanila ang ipahayag ang ideya sa wikang Ingles kaysa sa Filipino.

Kaugnay nito, binigyang-diin ng respondente ang epekto nito sa kakayahang magpahayag ng kanilang ideya, pasalita man o pasulat. Ayon kay R6, *"Nahihirapan ang mga mag-aaral na ipahayag ang sagot nila o nais nilang sabihin sa wikang Filipino. Tulad na lang sa pagsulat ng isang sanaysay, kahit limang pangungusap lamang ang dapat isulat, isang pangungusap pa lang hindi pa sila tapos dahil nahihirapan silang ipahayag ito ng tuwid sa wikang Filipino."* Ipinapakita nito ang malinaw na epekto ng dominansya ng Ingles sa pagbuo ng kasanayan sa Filipino, particular na sa akademikong konteksto. Dagdag pa rito, ayon kay R7, *"Sa asignaturang Ingles mas nauunawaan nila ang mga teksto kumpara sa tekstong Filipino."* Ipinapakita nito na ang pabor sa Ingles ay nakaaapekto hindi lamang sa kakayahang magsalita at magsulat sa Filipino, kundi pati sa kanilang pag-unawa sa mga paksa sa sariling wika.

**Interpretasyon:**

Ipinapakita sa datos na ang pag-unlad ng wikang Ingles ay may malinaw na epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit at umunawa ng wikang Filipino. Napatunayan sa pag-aaral nina Meneses et al. (2023), mas sanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Ingles kaya nahihirapan silang gamitin ang wikang Filipino sa akademikong konteksto.

## SULIRANIN 3: ESTRATEHIYA NG MGA GURO

### Tema 6: Paggamit ng Wikang Ingles bilang Pantulong (Code-Switching)

Ang mga mag-aaral nakararanas ng pagsubok sa pag-unawa at paggamit ng wikang Filipino, kinakailangan ng mga guro na gumamit ng wikang Ingles bilang pantulong upang mas maipaliwanag at maintindihan ang mga aralin, lalo na sa mga salita o terminong malalim o may nakatagong kahulugan.
Ayon kay R1, *"Sa tuwing hindi mauunawaan ng mga mag-aaral ang aking sinasabi dahil sa mga salitang hindi sila gaanong pamilyar, minsan ay kailangan kong banggitin ang salin ng salitang iyon sa wikang Ingles upang maunawaan pa nila ang ibig kong ipahiwatig."* Ipinapakita nito na ang paggamit ng Ingles ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng mga konsepto at ideya sa mga mag-aaral.

Karagdagang estratehiya naman mula sa isa pang respondente. Ayon sa kanya, *"Gumagamit ako ng pagsasalin o nagbibigay ako ng mga salitang magkakaugnay hanggang sa maunawaan nila."* Ipinapakita nito na ang code-switching ay hindi lamang simpleng pagsasalin, kundi isang estratehiya upang masiguro ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Dagdag ni R5, *"Kumbaga, nagiging tulay din ang wikang Ingles para mas mapaigi nila ang kanilang sagot o sinasabi kapag mas sanay ang mag-aaral sa wikang Ingles, maaari nilang ipahayag ang kanilang ideya sa Ingles ngunit isasalin ito sa Filipino upang mas maintindihan at maipahayag nila nang maayos ang kanilang sagot.*" Ipinapakita nito na ang Ingles ay nagiging kasangkapan upang mas mapaayos pa ng mga mga-aaral ang pagpapahayag gamot ang wikang pambansa.

**Interpretasyon:**

Lumilitaw na ang pagsasalin ng mga salitang Filipino sa Ingles ay nakatutulong upang maging mas malinaw ang pag-unawa sa aralin at mas mapadali ang pagpapahayag ng mga ideya. Napatotohanan sa pag-aaral nina Buhisan et al. (2024), na ang paggamit ng code-switching at pagsasalin ay mabisang estratehiya upang maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

### Tema 7: Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Pamamagitan ng Iba't Ibang Gawain

Batay sa resulta ng pag-aaral, gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya upang mapalawak ang bokabularyo at kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral.
Ayon kay R2, *"Ang estratehiya ko sa kanila ay mayroon kaming talasalitaan na isinasagawa bago kami magsimula ng klase kung saan nagbibigay sila ng mga malalalim na salita at bibigyan nila ito ng pagpapakahulugan. Ang estratehiyang ito ay magiging daan upang mapalawak pa ang kanilang bokabularyo."* Ipinapakita nito na ang pagpapakilala ng bagong salita at pagbibigay-kahulugan dito ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

Kaugnay nito, ipinahayag ng isa pang respondente ang paggamit ng estratehiyang *"wika-alaman"*, kung saan ang mga mag-aaral ay natutuklasan at ibinabahagi ang bagong salita sa klase. Ayon kay R5, *"Ibabahagi ang salita, kahulugan at paggamit nito sa pangungusap. Sa ganitong paraan, hindi sila gaanong mapag-iiwanan o makakatulong ito bilang dagdag kaalaman. Nagbibigay din ako ng aktibidad na magbibigay ako ng mga salita at isasalin nila ito sa wikang Ingles o mga Ingles na salitang isasalin nila sa Filipino."*

Ipinapakita nito na ang estratehiyang ito ay nakatutulong sa pag-unawa ng bagong bokabularyo, gayundin sa aktibong paggamit nito sa parehong Filipino at Ingles.
May guro namang gumagamit ng mahigpit na “Filipino-only” na estratehiya. Ayon kay R6, *“Ang ginagawa kong estratehiya ay Filipinong wika lamang – hindi ko sila pinapayagang makapagsalita ng wikang Ingles. Kahit sa isang oras man lang, masanay silang gamitin ang wikang Filipino lamang. Sa ganitong paraan, masanay sila sa paggamit at pag-unawa ng wikang Filipino.”* Ipinapakita nito na ang pagsasanay sa tuloy-tuloy na paggamit ng Filipino ay nakatutulong para mas mapalalim ang kasanayan sa wika at pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa komunikasyon.

**Interpretasyon:**

Ipinapakita sa mga datos na ang paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino ay mahalaga upang mapalawak ang bokabularyo at kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral nina Magno et al. (2024), napatunayan na ang paggamit ng mga interaktibong gawain ay mabisang paraan upang mapalawak ang bokabularyong kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

**Tema 8: Paggamit ng Malikhaing at Interaktibong Pamamaraan**

Lumabas sa resulta ng pag-aaral na gumagamit ang mga guro ng mga malikhain at interaktibong pamamaraan upang mapataas ang interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Ayon kay R1, *“Isa rin ang ginagawa ko ay ang buddy-buddy system kung saan tinatabi ko ang sa tingin kong mag-aaral na mahihina sa Filipino sa isang mag-aaral na alam kong mataas na ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino. Isa pa ay ang pagsisingit ng mga laro upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral.”* Binibigyang-diin nito na ang paggamit ng kolaboratibong pagkatuto at mga larong pang-edukasyon ay para sa pagiging aktibo at interesado ng mga mag-aaral sa klase.

Ayon naman kay R2, *“Ang pagkakaroon ng dula-dulaan o role playing upang mapaunlad ang pagsasalita o paggamit nila ng wikang Filipino gayundin ang pakikisalamuha nila sa kanilang kamag-aral.”* Ipinapakita nito na ang mga gawaing dramatiko ay nakapag-pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

Ibinahagi rin ni R8 na, *“Gumagamit ako ng iba pang estratehiya tulad ng malikhaing pagsulat para mas maging aktibo pa sila.”* Ipinapakita nito na ang malikhaing pagsulat ay nagsisilbing paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang sarili sa proseso ng pagkatuto.

**Interpretasyon:**

Ipinapakita sadatos na ang paggamit ng malikhaing at interaktibong pamamaraan ay mahalagang salik upang mapalago ang interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino. Napatunayan sa pag-aaral nina Abduh et al. (2022) na mahalaga ang paniniwala ng mga guro sa pagtanggap at paggamit ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa panahon ng pagbabago ng kurikulum upang matugunan ang pagkatutuo ng mga mag-aaral.

**Tema 9: Pag-uugnay ng Wika sa Kultura at Karanasan**

Lumabas sa resulta na ang mga guro ay gumagamit ng mga pag-ugnay sa wika at kultura upang mas maging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa antas ng sekundarya, ginagamit ang panitikan bilang bahagi ng pagtuturo, kung saan naipapakita ang ugnayan ng wikang Filipino at kulturang Pilipino.

Ayon kay R3, *"Ginagamit ko ang kultura at karanasang Pilipino para mas mabilis nilang maunawaan ang mga ito. Nagbibigay din ako ng mga halimbawa ng kulturang Pilipino nang sa gayon ay mas mabilis maintindihan ang paksang tinatalakay at hindi malimutan ang ating kulturang nakagisnan."* Ipinapakita nito na ang kaugnayan ng aralin sa karanasan at kulturang Pilipino ay nakatutulong upang maging mas malinaw at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay R5, *"Gumagamit kami ng mga literatura, mga kuwento, nagpapakita rin ng mga karanasan ng mga Pilipino at mas nagagamit ang wikang Filipino. Tulad ng ibong Adarna, Florante at Laura na may matatalinghagang salita kung saan natututunan nila ito at nagkakaroon sila ng panibagong kaalaman."* Ipinapakita nito na ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at sa kulturang nakapaloob dito.

**Interpretasyon:**
Ipinapakita sa mga datos na ang pag-uugnay ng wika sa kultura at karanasan ay isang mahalagang estratehiya upang maging mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Pinatunayan sa pag-aaral ni Donoso (2012), ang wika ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi tagapagdala rin ng kamalayang pangkasaysayan at kultural.

**SULIRANIN 4: MUNGKAHING PROGRAMA**

Lumabas sa mga tugon ng mga guro ang pangangailangang mapalakas at mapagyaman ang wikang Filipino sa edukasyon, kaya iminungkahi ang tatlong programa.

Una, ang *Filipino Language Enrichment Program* ay nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo at kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa klase, pagsasagawa ng mga gawaing tulad ng sanaysay, tula, at debate, at pagdaraos ng mga aktibidad tuwing Buwan ng Wika.

Ikalawa, ang *Development Program for Teachers in Using Multilingual* ay naglalayong mapahusay ang kakayahan ng mga guro sa balanseng paggamit ng Filipino at Ingles sa pagtuturo sa pamamagitan ng seminar at workshop sa multilingual at code-switching.

Ikatlo, ang *Program for Integration of Digital Technology in Teaching Filipino* ay naglalayong mapabuti ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng online platforms, educational modules, at digital tools.

Sa kabuuan, ang mga programang ito ay naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga guro at mapalalim ang pagkatuto at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

## BUOD

1. Ang wikang Filipino ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi mahalagang elemento sa paghubog ng pambansang pagkakakilanlan. Gayunpaman, ipinapakita rin na ang lumalakas na impluwensya ng wikang Ingles ay may nakaapekto sa interes, kumpiyansa, at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Lumilitaw sa datos na ang Ingles ay nagiging simbolo ng mataas pagkilala sa lipunan, kaya't Malaki ang impluwensya nito sa mga Kabataan at mas pinipili sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

2. Ang kakulangan sa bokabularyo at kasanayan sa wikang Filipino ay nagdudulot ng kahirapan sa pagpapahayag ng ideya, mababang partisipasyon, at kahinaan sa kasanayan sa pagsulat. Ang kakulangan sa interes at kumpiyansa ng mga mag-aaral ay may epekto sa kanilang pakikilahok sa klase, kung saan nagiging limitado ang kanilang partisipasyon dahil sa pag-aalinlangan sa paggamit ng mga salita at hiya na baka magkamali.

Ipinapakita rin na ang dominasyon ng wikang Ingles ay nagiging hadlang sa paggamit, pagpapahayag, at pag-unawa ng wikang Filipino. Gayunpaman, lumilitaw na ang paggamit ng wikang Ingles bilang pantulong o code-switching ay isang estratehiyang nakatutulong upang mapagaan ang pag-unawa at mapadali ang pagpapahayag ng mga ideya ng mga mag-aaral.

3. Sa kabilang banda, ipinapakita na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo tulad ng talasalitaan, wika-alaman, at "Filipino-only" policy ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, kasanayan, at kumpiyansa ng mga mag-aaral. Gayundin, ang paggamit ng malikhaing at interaktibong pamamaraan tulad ng buddy-buddy system, laro, dula-dulaan, at malikhaing pagsulat ay nagpapataas ng interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino.

4. Iminungkahi ang pagbuo ng mga programang nakatuon para sa mga guro ng Filipino.

- Filipino Language Enrichment Program
- Development Program for Teachers in Using Multilingual
- Program for Integration of Digital Technology in Teaching Filipino.

## Konklusyon

Ito ang mga konklusyong nabuo mula sa mga sagot ng mga kalahok.

1. Sa resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang mga guro sa asignaturang Filipino ay may magkakatulad na karanasan sa pagtuturo sa iba't ibang baitang sa sekundarya, kung saan karamihan sa mga mag-aaral ay mas sanay sa paggamit ng wikang Ingles. Ipinapakita rin na bagamat ang wikang Filipino ay mahalagang elemento sa paghubog ng pambansang pagkakakilanlan, ang lumalakas na impluwensya ng wikang Ingles ay may malaking epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, na nagiging hadlang sa kanilang pagpapahayag at pag-unawa sa sariling wika.

2. Napag-alaman din na ang kakulangan sa bokabularyo at kasanayan sa wikang Filipino ay nakaaapekto sa kumpiyansa, interes, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Lumitaw na isa sa pangunahing suliranin ng mga guro ay kakulangan sa bokabularyo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral, dahilan upang humina ang kanilang interes sa pakikinig at pakikilahok sa klase, na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto.

3. Sa kabila ng mga hamon, napatunayan na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong upang mapagaan ang pag-unawa at mapaunlad ang pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ang iba't ibang paraan o estratehiya ng mga guro upang matugunan ang kanilang hamong kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino ay ang mga buddy-buddy system, talasalitaan, wika-alaman, code-switching, "Filipino-only" policy, at dula-dulaan o role playing. Ipinahihiwatig nito na mahalaga ang papel ng guro sa paggamit ng angkop na estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

4. Iminumungkahi ang pagbuo ng mga programang nakatuon para sa mga guro ng Filipino tulad ng Filipino Language Enrichment Program, Development Program for Teachers in Using Multilingual, at Program for Integration of Digital Technology in Teaching Filipino upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, mabalanse ang paggamit ng Filipino at Ingles sa pagtuturo, at mapahusay ang paggamit ng teknolohiya. Samakatuwid, ang mga programang ito ay mahalaga upang matiyak ang mas epektibo, makabuluhan, at napapanahong pagtuturo ng wikang Filipino.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga resulta at konklusyon sa pag-aaral ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

Para sa mga administrador, magkaroon ng mga seminar at training para sa mga guro ng asignaturang Filipino upang mapagbuti pa ang kanilang husay sa pagbuo ng mga estratehiya gayundin ang paggamit ng napapanahong teknolohiya sa pagtuutro. Magsagawa ng polisiya para sa pagsusuri sa mga materyales ng mga guro na ginagamit sa pagtuturo kung ito ay may kaugnayan sa mga batang mas sanay sa Ingles na hindi maisasantabi ang wikang Filipino.

Para sa mga paaralan/punong-guro, maaaring maglusad ng mga programang makatutulong sa pagpapataas ng bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral. Magsagawa ng *writing workshop* upang mahubog ang mga mag-aaral sa pagsulat gamit lamang ang wikang Filipino gayundin sa pagpapatupad ng debate at roleplaying bilang parte ng kahilingan sa pag-aaral batay sa mga panitikang kanilang natalakay upang mahubog din ang kanilang pagsasalita at pag-unawa sa wikang Filipino.

Para sa mga guro, inirerekomenda na patuloy na gamitin at paunlarin ang mga estratehiyang huhubog sa paglinang ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral. Inirerekomenda rin ang patuloy na paghubog sa mga mag-aaral na gamitin ang wikang Filipino at balansehin ang pag code-switching sa klase upang mas gamitin at mapaunlad pa nila ito para sa pagkatuto at sa araw-araw na pakikipagkomunikasyon.

Para sa mga magulang, hinihikayat na makiisa sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga anak sa pagsasalita at pag-unawa sa wikang Filpino sa pamamagitan ng paggabay at pagsuporta sa mga anak araw-araw maging sa kanilang mga aralin.

Para sa mga susunod na mananaliksik, maaaring magsagawa ng malawak pang pag-aaal na nakatuon sa sa iba pang antas ng edukasyon upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa mga hamon at kagamitan at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Maaari ring gamitin ang interpretative phenomenological analysis upang masuri ang mga karanasan ng mga guro at mag-aaral, at maglaan ng in-depth discussion sa mga natuklasan. Hinihikayat din ang pagbuo ng mga intervention program na makatutulong sa pagpapabuti ng pagtuturo. Higit sa lahat, mahalagang bigyang-pansin ang paggamit ng wikang Filipino sa digital age upang mas angkop at napapanahon ang mga susunod na pag-aaral.

## REFERENCES


Abduh, A., Sakkir, G., Rosmaladewi, R., Andrew, M., & Yasdin, Y. (2022). Teachers' perceptions of English teaching strategies in the current curriculum change. International Journal of Language Education, 6(4), 437–444. https://doi.org/10.26858/ijole.v6i4.25246

Ang 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas. (n.d.). https://www.icnl.org/wp-content/uploads/Philippines_ang1987.pdf

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. Using thematic analysis in psychology: Qualitative Research in Psychology: Vol 3, No 2

Buhisan, C., Erosido, C. M., & Derasin, L. M. (2024). Filipino language teachers: Addressing difficulties in teaching Filipino subjects in private schools in the Philippines. Journal of Harbin Engineering University, 45(6).

Cobb, C. L., Schwartz, S. J., & Martinez, C. R. (2025, October 9). The cultural continuity hypothesis. Vital Record. Texas A&M University. https://vitalrecord.tamu.edu/new-theory-suggests-were-all-wired-to-preserve-culture/

Daya, R. A. (2025). Umiiral at potensiyal na kabuluhan ng wikang Filipino sa edukasyon sa development communication (DevCom) sa University of the Philippines Los Baños: Tungo sa isang maka-Pilipinong larang ng komunikasyon. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etdd_fil/31

Department of Education. (1987, Mayo 21). DO 52, s. 1987: The 1987 Policy on Bilingual Education.Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas. https://www.deped.gov.ph/1987/05/21/do-52-s-1987-the-1987-policy-on-bilingual-education/

Department of Education. (2025). DepEd Order No. 020, s. 2025: Policy on the Medium of Instruction for Kindergarten to Grade 3 [PDF]. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2025_020r_8.pdf

Donaire, A. M. S. (2025). Isang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino: Isang case study. EPRA

International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 11(1), 162–177. https://doi.org/10.36713/epra19739
Donoso, I. (2012). Philippine Linguistic Policy in the Global Context. The Normal Lights, 6(1). https://doi.org/10.56278/tnl.v6i1.72
FEU Roosevelt: https//feuroosevelt.edu.ph
Fusch, P. I., & Ness, L. R. (2015). Are we there yet? Data saturation in qualitative research. The Qualitative Report, 20(9), 1408–1416. http://www.nova.edu/ssss/QR/QR20/9/fusch1.pdf
Jerome Bruner (1961). Language Acquisition Theory. https://www.studysmarter.co.uk/explanations/english/language-acquisition/theories-of-language-acquisition/
KFW Diksiyonaryo ng Wikang Filipino https://kwfdiksiyonaryo.ph/
Lamorinas, D. D., Luna, L. A., Lai, M. N. D., Magno, J. M., Saporno, R. N., Reyes, R. B. D., & Chavez, J. V. (2025). A General Perspective on the Factors Influencing the Low Preferences of Gen Z College Students towards the Filipino Language. Forum for Linguistic Studies, 7(3), 451–466. https://doi.org/10.30564/fls.v7i3.8482
Malaluan, Y.E.S.M., Tuanda R.K.O, Gaviola S.J.P., Econar P.B.S., Tejano L.H.A., Juanite L.K.Q., & Gaddi J.G.G., (2024) Epekto ng Dayuhang Ompluwensya sa Wika at Kultura ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang. https://doi.org/10.5281/zenodo.11188881
Manrique, A., & Izquierdo, J. (2024). Perceptions towards public English as a foreign language education in Mexico: Insights from secondary school learners. Sinéctica, Revista Electrónica de Educación, (62), e1612. https://doi.org/10.31391/S2007-7033(2024)0062-006
McLeod, S. (2024). Phenomenology in qualitative research. Simply Psychology. https://www.simplypsychology.org/phenomenology-in-qualitative-research.html
Nimer, L., & Napil, R. (2024). The experiences of Filipino teachers in teaching reading in the New Normal. Asian Journal of Advanced Research and Reports, 18(7), Article 693. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7693
Pham, Y. N. H. (2025). Language attitudes in Vietnam: The dominance of English and emerging trends in foreign language preferences. VNUHCM Journal of Social Sciences and Humanities, 9(1), In press. https://doi.org/10.32508/stdjssh.v9i1.1039
Phan, Anh Ngoc Quynh (2021) Under the impacts of globalisation: the rising power of English as a foreign language (EFL) and the corresponding response of EFL policy in Vietnam. SN Social Sciences, 1 (1). Article Number 31. (doi:10.1007/s43545-020-00047-9)
Punongbayan, E. J., Mendoza, M. E. D., Perez, G. M. B., & Silang, J. A. A. (2025). Motivation and attitude of intermediate grades towards language learning. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9(2), 4181–4190. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.9020327
Putu Wulantari, R., Rachman, S., Sari, Uktolseja, & Rofi'i. (2023). The role of gamification in English language teaching: A literature review. The Role Of Gamification In English Language Teaching: A Literature Review

Tupas, R., Martin, I.P. (2017). Bilingual and Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines. In: García, O., Lin, A., May, S. (eds) Bilingual and Multilingual Education. Encyclopedia of Language and Education. Springer, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-319-02258-1_18

Tupas, R., & Paz, R. M. O. (2025). Co-constructing multilingualism: Decolonising knowledge in the production of a countertext. Full article: Co-constructing multilingualism: decolonising knowledge in the production of a countertext

Xue, J., & Zuo, W. (2013). English dominance and its influence on international communication. Retrieved from https://www.semanticscholar.org/paper/English-Dominance-and-Its-Influence-on-International-Xue-Zuo